Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado







## Nasa Loob

Iskolars ng PGCN, 'di lang pang-akademiko, hinuhubog din ang tamang asal p2
Yumaong mga AIDS victim ginunita sa World Aids Day p2
117 taon na unang Bantayog ni Rizal sa Daet, Kabayanihan ginunita p2
Aprubado na ang Ordinansa para sa pagtatayo ng Smoke Emission Testing Center ng gobyerno probinsyal p3
Mensahe sa Rizal Day Celebration ni. Gob. Edgardo A. Tallado p4
Mga kampeon ng nutrisyon, ipinakilala p4
Mga piling larawan p5
Partnership Against Poverty and Hunger
Light A Tree 2013: Isang Bayan, Isang Puso Ngayong Pasko
Distribution of Bonus
Pasasalamat sa lahat ng dumamay sa biktima ng bagyong Yolanda p6
End VAW Now! p6
5th-6th class na bayan prayoridad sa AKBAY, may puhunang tulong sa magsasaka,mangingisda p7
2 kabataang magsasaka ng CamNorte, sasabak sa 45 araw na pagsasanay p7

# UN World Food Program sa Brazil, isasagawa rin sa Camarines Norte

Ang *United Nation World Food Program (UN WFP)* na *Partnership against Hunger and Poverty* (PAHP) na nagsimula sa bansang Brazil ay narito na sa Pilipinas at kamakailan ay inilunsad sa Camarines Norte bilang *pilot province* o *provincial module*. Napili rin ang pangatlong distrito ng Camarines Sur sa ilalim ng *congressional district module* at ang munisipyo ng Castilla sa probinsiya ng Sorsogon sa ilalim ng *municipal module*.

Ito ang unang pagkakataon na magsasagawa ng kahalintulad na programa sa bansa at kapag ito ay naging matagumpay sa rehiyong Bikol ay isasagawa rin ito sa iba pang rehiyon sa bansa.




*(simula sa kaliwa - itaas, pababa) Dipayan Bhattacharyya mula sa UN World Food Programme, Engineer Israel Klug ng UN Food and Agriculture Organization, Brazilian Minister Milton Rondo; DSWD Reg'l. Dir. Arnel Garcia, Gob. Edgardo A. Tallado*

Kaugnay nito, dumating dito sa Camarines Norte noong ika– 11 ng Disyembre 2013 para sa *technical and assessment mission* sina *Brazilian Minister* Milton Rondo; *Engineer* Israel Klug ng *UN Food and Agriculture Organization* - Brazil; at Dipayan Bhattacharyya mula sa *UN World Food Programme* at ang *Regional Director* ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD), Department of Agriculture (DA)* at *Department of Agrarian Reform (DAR).*

Ang napatunayang mahusay na pagkilos ng kasalukuyang gobyerno ng pamahalaang panlalawigan upang humanap at magsagawa ng mga programa upang maibsan ang kahirapan sa lalawigan ang isa sa mga pinagbatayan upang mapili ang lalawigan ng Camarines Norte bilang *pilot area* ng *provincial module* ng *Partnership Against Hunger and Poverty* (PAHP).

Ayon kay *DSWD Regional Director* Arnel Garcia, kinakailangan ang tamang pag-*calibrate* ng *PAHP* sa Pilipinas, kaya ang pagsasagawa nito sa Camarines Norte ay dapat maging maayos. Buo ang tiwala ng mga ahensiya sa pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte na maisasakatuparan ito dahil sa magandang *track record* nito sa implementasyon ng programa at proyektong mula sa mga pambansang ahensya, dagdag pa ni Garcia.

Ang mga programang ito na bumubuo sa tinatawag na *provincial module* ay ang mga sumusunod: 1) Pantawid Pamilyang Pilipino *Program* (4Ps) ng *DWSD*, 2) *Family Farm and Backyard Gardening Program* ng *DA*, 3) *ARC Agri-Enterprise Development Program* ng *DAR-ARCCESS Project and Institutional Development Program* ng *DAR-ARCP*, 4) *Health Related Nutrition Program* ng *Department of Health* at 5) *Nutrition Program* ng *DEP-Ed* para sa *Kinder*.

Higit sa lahat ay ang proyektong inisyatibo ng administrasyon ni Gob. Edgardo A. Tal-

(Sundan sa pahina 3)

# Prov'l smoke emission testing center, malapit nang magbukas sa publiko, memorandum mula sa DOTC, hinihintay na lang

Maisasakatuparan na ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa taong 2014 ang pagtatayo ng *Provincial Government Emission Testing Center* sa lalawigan upang tugunan ang matagal ng kahilingan ng mga may ari ng sasakyan.

Sa kasalukuyan ay iisa lang ang pribadong *testing center* ng mga behikulo sa Camarines Norte na nagdudulot ng hirap at pasakit lalo na sa maliliit na may ari ng sasakyan dahil sa mataas na singil dahil sa kawalan ng kakumpitensya

Ayon kay Gob. Edgardo A. Tallado, makikinabang sa nasabing *government-operated emission testing center* ang mahigit sa tatlumpu't isang libong sasakyan sa ating lalawigan, pribado man at pampubliko.

Sa katunayan, halos tapos na ang konstruksyon ng gusali sa tabi ng dating *Postal Office*, sa tabi lamang ng Kapitolyo. Isa pang *Emission Testing Center* ang itatayo rin sa sa lupaing pag-aari ng gobyerno sa Brgy. Sto. Domingo, Vinzons, Camarines Norte, matapos mapag-alaman ng Punong Lalawigan sa *DOTC* na kulang ang

(Sundan sa pahina 3)



*Ito ang magiging tanggapan para sa itatayong provincial government emission testing center na malapit lamang sa Kapitolyo Probinsyal at pamamahalaan ng LGU Prov'l Environment & Natural Resources Office.*

# Iskolars ng PGCN, 'di lang pang-akademiko, hinuhubog din ang tamang asal

Matagumpay na inilunsad ang *Values Formation Training* para sa mga iskolars o *grantees* ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (PGCEAP)* sa ilalim ng *Capability Building Program (CBP)* nito.

Naunang dumaan sa nasabing pagsasanay ang mga iskolar mula sa *Camarines Norte State College* – Jose Panganiban Campus noong Nobyembre 16-17, 2013.

Ang *Values Formation Training* ay magkasabay na isinagawa noong Disyembre 14-15, 2013 sa magkahiwalay na lugar ng Sta. Elena para sa mga iskolar mula sa *Camarines Norte State College (CNSC)*– Entienza Campus at sa *Capalonga College Inc.* .

Sa loob ng 2 araw na pagsasanay, tinalakay ang mga paksang nagpalalim ng pananaw ng mga kabataan upang maging isang mabuting tao at responsableng mag-aaral. Matapos ang pagtalakay ng isang paksa, mayroong *group discussio*n upang magnilay at magbahagi ng kanilang karanasan ang bawat isa kaugnay sa panayam.

Ang mga naging tagapagsalita ay pawang tulad nilang mga kabataan na nahubog bilang mahuhusay na lider at may mabuting paguugali upang magbigay halimbawa.

Namulat ang mga iskolars sa kanilang responsibilidad na hindi lamang pang-akademiko kundi pati sa panlipunan at pang-komunidad at maging isang mabuting kabataan at ehemplo sa lipunang ginagalawan. Ito ang layunin ng *CBP* ng pamalaang panlalawigan para sa mga iskolars ng kapitolyo sa pamamagitan ng *Community Affairs Officer (CAO).*

Dumalo rin ang mga kabataan sa isang misa matapos na sila ay makapagkumpisal sa mga pari sa mga parokya. Nakatuwang dito ng *CAO* ang *CFC-YFC* sa pagsasagawa ng pagsasanay.

Sa huling araw ng pagsasanay ay pinulong ni *Acting PIO/CAO IV* Jocelyn Grace A. Calimlim ang mga magulang ng mga *CNPGCEAP Grantees* upang ipabatid sa kanila ang layunin ng programa at ang mga regulasyon at ilang paalala kaugnay ng *Scholarship Grant* ng kanilang mga anak. Ipinaabot din niya ang mensahe ni Gob. Edgardo Tallado sa kanila na pagsumikapang itaguyod ang pag-aaral ng kanilang mga anak lalo at may katuwang silang gobyerno. Kamakailan ay nagpahayag din ng kagalakan si Gob. Tallado dahil sa mga iskolar na nakapasa sa *board examinations.*

Sa pagtatapos ng programa sa Jose Panganiban ay nagbigay ng mensahe ang *Campus Director* ng *CNSC Jose Panganiban Campus* na si Dir. Victor Zaldua. Si Mariano "Bong" Palma, *Provincial Youth Affairs Officer* ang siya namang nagbigay ng mensahe sa mga dumalo sa *CNSC* Entienza, Sta. Elena.

Magsasagawa rin ng *values formation training* para sa mga *CNPGCEAP grantees* sa *CNSC* Labo, Mercedes at *Main Campus sa* Daet ***FRANCIA P. TOLIBAS.***

**LISTAHAN NG MGA *CNPGCEAP SCHOLARS* NA NAKAPASA SA IBA'T-IBANG *BOARD EXAMS***

**LET** *(Licensure Examination for Teachers)*
**September 2013**

***Bachelor of Science in Elementary Education***
**Berja**, Rudiline M.
**Irang**, Rizan Jay E.
**Lamadrid**, Christine J.
**Madridejos**, Jean C.
**Pacao**, Ronald E.
**Velasco**, Metzie S.
**Salvanera**, Rosa Ann S.
**Juego**, Renalyn R.
**Campo**, Annaliza I.
**Panaligan**, SarahJean R.

**Bachelor of Science in Secondary Education**
**Porcincula**, Eric A.
**Villaluz**, Angelica A.
**Recio**, Glecy J.
**Mayo**, Leriza M.
**Parlan**, Mylene C.
Opeña, Kim Ann P.

**CPA** *(Certified Public Accountant)*
**October 2013**
**Encinas**, Jessica M.
**Hernandez**, Meliza P.
**Penolio**, Roy D., Jr.
**Yadao**, Parlyn

**REE** *(Registered Electrical Engineer Licensure Examination)*
**September 2013**
**Jerez**, Ma. Lea B.
**Gadil**, Jeffrey I.
**Diaz**, Mac Jason S.

**RME** *(Registered Master Electricians Licensure Exam)*
**September 2013**
**Lumapag**, John Christopher
**Ventura**, Gemmalyn A.

# Yumaong mga AIDS victims ginunita sa World Aids Day

Nakiisa muli ang Lalawigan ng Camarines Norte sa selebrasyon ng *World AIDS Day* noong Disyembre 1, 2013.

Bilang paggunita sa mga binawian ng buhay dahil sa sakit na *HIV/AIDS*, isang *Candlelight Memorial* ang isinagawa sa huling bahagi ng programa na idinaos sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH) Grounds.*

Ang tema ng pagdiriwang ngayong taon ay, *'GETTING TO ZERO: Zero New HIV Infections. Zero Discrimination. Zero AIDS-Related Deaths'*. Layunin nito na mabawasan hindi man tuluyang masugpo ang *HIV cases* sa pamamagitan ng implementasyon ng iba't-ibang *preventive measures* bukod pa sa walang humpay na

12.1.13 GETTING TO ZERO ONE PERSON AT A TIME.

mga paalala sa publiko kung paano makaiiwas na mahawa ng *HIV/AIDS*.

Sa unang bahagi ng programa, inihayag ni *Provincial STI Coordinator* Helen E. Marqueses ang *Updates on the Newly-Diagnosed Cases in the Philippines and Camarines Norte HIV/AIDS Situation.* Ang *Preventive Measures on STI* and *HIV/AIDS* ay ibinahagi naman ni Daet *Municipal STI Coordinator* Ma. Andrea S. Apuya.

Sa pagtatapos ng programa ay namahagi sina Geraldine Pabines ng *DKT Philippines* at Dr. Victoria R. Guanio ng *PHO* ng mga *leaflets* at *condoms* sa mga dumalo sa okasyon. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# 117 taon na unang Bantayog ni Rizal sa Daet, Kabayanihan ginunita




*Ang mga opisyal at miyembro ng Knights of Rizal kasama ang ilang opisyal ng pamahalaan na nag-alay ng bulaklak sa 1st Rizal Monument sa pagdiriwang ng ika-115 anibersaryo ng pagkakatatag nito at ika-117 taon ng pagkamartir ni Gat Jose Rizal noong Disyembre 30, 2013.*






*Si Marc John V. Nemi sa kanyang winning oratorical piece na muling binigkas noong Rizal Day-Dis. 30, 2013*



**Nagtanghal sa *Rizal Day Celebration* noong Disyembre 30 sa *Provincial Capitol Gounds* ang nagwagi ng *1st prize* sa *Dance Baton & Twirling Competition* na una nang isinagawa noong Disyembre 11-12, 2013.**



**Dance, Baton & Flag Twirling Competition, Dec. 11-12, 2013**

***Elementary Category:***
1st Place -CNSC Abaño Campus
2nd Place-Daet ES & Vinzons Pilot ES
3rd Place-Calasgasan Elem. Sch
Music Master– Daet Elem Sch

***High School Category:***
1st Place –Cam. Norte Nat'l. High Sch
2nd Place-San Roque Nat'l. High Sch.
3rd Place-San Francisco Nat'l. High Sch.
Music Master-Cam. Norte Nat'l. High Sch

***Oratorical Contest Winners, December 19,2013***
1st Place- Marc John V. Nemi, Vinzons Pilot NHS
2nd Place-Ralf Lorenz S. Velena, CamNorte NHS
3rd Place-Frances Camille U. Lazaro, Daguit NHS

## Prov'l smoke emission ...

(Mula sa pahina 1)

mga *emission testing centers* dito, kumpara sa dami ng sasakyang kailangang suriin taun-taon.

Hinihintay na lamang ang ipalalabas na *memorandum circular* ng tanggapan ni *DOTC Secretary* Joseph Emilio A. Abaya na kinikilala ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte na mag-*operate* ng *emission testing center*. Bago rin magsimula ang operasyon, ilalahad ang magiging *IT Provider*, kung saan ang resulta naman nito ay direktang ipapadala sa *STRADCOM*, ang *main computer and information center* ng *LTO*.

Matatandaan na ipinarating ni Gob. Edgardo A. Tallado sa Sangguniang Panlalawigan (SP) ang Resolusyon Blg. 3 s. 2013 ng *Federation of Tricycle Operators and Driver's Association, Inc. (FETODA, Inc.)* na idinulog sa punong lalawigan. Hiniling nila kay Gob. Tallado na magtayo ang pamahalaang panlalawigan ng *emission testing center* na ang serbisyo ay abot-kaya ng mga may-ari ng sasakyan.

Sinabi ng pamunuan ng *FETODA* na ang mga behikulo ay kinakailangang sumailalim sa *emission testing* bago makapagparehistro sa *Land Transportation Office (LTO)* alinsunod sa itinatakda ng *Clean Air Act of 1999*. Ngunit dahil sa iisa lamang ang *emission testing center* dito, hindi naa-*accommodate* ang lahat ng behikulo/traysikel. Karaniwang naisasailalim sa *emission testing* ang mga behikulo/traysikel pagkalipas na ng 2 buwan o higit pa. Dahil dito, maraming drayber at opereytor ang hindi nakakapagparehistro at pinagbabayad ng multa. Higit sa lahat, pansamantalang natitigil ang operasyon ng traysikel kaya nawawalan ng kita ang drayber at opereytor at hindi natutustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Inaasahan nila na mas mura ang sisingiling bayad ng *emission testing center* ng gobyerno at maiiwasan na rin ang abala sa pila dahil may iba nang pagpipilian ang mga drayber at opereytor. Matagal nang usapin ang bagay na ito na pinag-uusapan sa sektor ng transportasyon ngunit ngayon ay pormal na nila itong idinulog sa pamahalaang panlalawigan.

Naging agaran naman ang aksyon dito ng Sangguniang Panlalawigan sa pamamagitan ni *BM* Rodolfo Gache na pinuno ng *SP Committee on Public Utility*.

Sa regular na sesyon ng Sangguniang Panlalawigan noong Agosto 6, 2013, binigyang-daan si Bokal Pol Gache na makapagbigay ng *privilege speech* ukol dito.

Kaagad ding isinulong nina Bokal Gache at Bokal Romeo Marmol ang isang resolusyon - *Authorizing the LGU-Camarines Norte in the Exercise of its Corporate Powers, through its Local Executive To Apply and Operate Emission Testing Centers in Camarines Norte.* ***IVY CONSULEO GARCIA/lorena dela torre ibasco***

## Parol ng PWDs...

(Mula sa pahina 8)

ang ikalawang puwesto at gantimpalang salaping P2,000.00 sa tulong at patnubay ng gurong si Ms. Maribel Rampas. Pumangatlo naman ang *Sta. Elena Elem. SPED School* na naiuwi ang premyong P1,000.00 sa ilalim ng patnubay at gabay ng kanilang guro na si Ms. Dolly Mantes.

Lahat ng sumali sa patimpalak ay panalo, ika nga, sapagkat lahat ay pawang pinagkaloob ban ng *consolation prizes*.

Ang patimpalak na sinimulan ngayong taon ay isa pang inisyatibo ng pamunuan ni Gob. Edgardo A. Tallado upang pagyamanin ang kakayahan at talento ng mga kabataan kahit may kapansanan man. *LORENA DELA TORRE-IBASCO*

# Aprubado na ang Ordinansa para sa pagtatayo ng Smoke Emission Testing Center ng gobyerno probinsyal



**Bokal Pol V. Gache**

Maaari nang magtayo ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ng sarili nitong *Smoke Emission Testing Center* matapos mapagtibay ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang Panlalawigang Ordinansa Blg. 30-2013.

Ang lokal na ordinansa na may kabuuang titulong, *"An Ordinance Establishing the Provincial Emission Testing Center (ETC) and Imposing The Appropriate Fees for Purposes of Anti-Smoke Belching and Air Pollution Control"* ay akda ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel at Bokal Pol Gache katuwang si Bokal Romeo Marmol. Susog ito sa liham-kahilingan ng *FETODA* kay Punong Lalawigan Edgardo A. Tallado na nagpapahatid ng kanilang suliranin sa mabagal na proseso sa pagkuha ng *emission test certificate* dahil sa nag-iisa lang ang pribadong *emission testing center (ETC)* dito sa Camarines Norte.

Napag-alaman na alinsunod sa patakaran ng *Department of Transportation and Communication (DOTC)*, ang bawat *ETC* ay may takdang bilang lamang ng mga sasakyan na dapat isailalim sa *emission test* na siyang nagiging dahilan nang mahabang pila at pagkabalam sa pagkuha at pagpalabas ng *emission test certificate*. Dahil sa wala ring kakumpitensya, walang magawa ang mga may-ari ng sasakyan dito sa Camarines Norte kundi magbayad ng mataas na singil.

Nang mabuksan ang usaping ito sa SP ay napag-alaman na may ligal palang usapin kung bakit iisa lang ang *ETC* sa lalawigan kumpara sa ibang probinsiya katulad ng Camarines Sur na naglipana ang mga *ETCs*.

Sa panayam ng Radyo ng Bayan kay *Atty.* Noreen Lutey, *Regional Director* ng *Land Transportation Office (LTO)*, nabatid na ang *LTO* at ang *Department of Trade and Industry (DTI)* ay napigilan na tumanggap at magproseso ng aplikasyon sa nais magtayo ng *ETC* dahil sa *Temporary Restraining Order (TRO)* na isinampa sa Korte noong 2004 ng may-ari ng tanging *ETC* sa Camarines Norte. Napag-alaman din sa panayam sa kanya na ang may-ari nito ay isang nagngangalang Vilma Barcelona.

Bunga nito, simula noong 2004 bagama't mayroong *open policy order* ay lumubo na mula sa 12,000 hanggang 31,000 ang rehistradong bilang ng sasakyan sa lalawigan na dapat magpa-*emission test*. Bunga nito, apektado ang interes ng mga may-ari ng behikulo lalo na ng mga panghanap-buhay na sasakyan.

Dahil sa nasabing *TRO with Injunction* na diumano ay nasa *Court of Appeals* pa rin, ang nakikitang madaliang solusyon dito ay ay i-*withdraw* o bawiin ng *Complainant*

(Sundan sa pahina 6)





***Kasama si Gob. Edgardo A. Tallado, Bise Gob. Jonah Pimentel atbp., binisita ng mga kinatawan ng World Food Program (WFP) ang itinatayong Agri-Pinoy Trading Center (APTC) ng Pamahalaang Panlalawigan na magiging mahalagang pasilidad para sa programang Partnership Against Poverty and Hunger (PAHP) na isasagawa ng WFP dito sa Camarines Norte. Malaking puntos ang APTC upang gawing pilot province ang Camarines Norte.***

## UN World Food Program sa Brazil...

(Mula sa pahina 1)

lado sa tulong ng *DA*: ang *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)* na kasalukuyang itinatayo.

Samantala siniguro ni Gob. Egay Tallado na katulad ng mga naunang mahusay at produktibong tambalan ng pamahalaang panlalawigan sa mga nabanggit na ahensya sa iba't-ibang proyekto ay makakaasa muli ang mga ito sa maigting na suporta at maayos na implementasyon ng pamahalaang panlalawigan. Idinagdag pa niya na ang *PAHP* ay magiging malaking tulong para mga mamamayan dito.

***"May walumpung probinsiya sa buong Pilipinas pero tayo (Cam. Norte) ang napili nila. Ang pangarap natin na lahat ng mamamayan ng lalawigan ay kakain ng tatlong beses sa isang araw at sa tamang oras ay matutupad na dahil sa napakagandang programang ito. Lahat ng sektor ay makikinabang dito,"*** bahagi pa ng mensahe ni Gob. Tallado.

Matapos ang *orientation* para sa *PAHP* ay binisita ng grupo ang ginagawang *APTC* sa Brgy. Mat-i, Vinzons at ang *food hub* sa Brgy. Calintaan, Talisay na isa rin sa mga magiging benipisyaryo ng naturang programa.

Ang programa ukol sa *Partnership Against Hunger and Poverty* sa Camarines Norte ay may ganitong sistema: ang mga suplay ng pagkaing kailangan ng isang programa ay magmumula sa produktong ani mula naman sa isang programang ikakalakal sa pamilihang gobyerno. Tulad ng ang mga aning produkto na magmumula sa mga *family farms and backyard garden* ng mga *agrarian reform communities (ARC)* ay ikakalakal sa *APTC* at dito naman bibili ng mga pagkaing kailangan para sa mga ospital, *day care centers, provincial jail*, atbp.

Ang *DSWD*, *DA*, *DAR*, *DepEd* at *DOH* ang mga pangunahing ahensiya ng gobyerno nasyonal na siyang magsusulong ng *PAHP*. Magsisilbing modelo ang pamahalaan ng bansang Brazil

(Sundan sa pahina 5)

# RIZAL DAY CELEBRATION
# Mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado

*"Jose Rizal: Harbinger of a New Dawn; Symbol of Recovery and Reconstruction,"* ito ang tema ng pagdiriwang ng Rizal Day ngayong taon na akmang-akma dahil sa mga nagdaang kalamidad sa ating bansa.

Noong nakaraang Agosto, nagkaroon ng gera sa Zamboanga na tumagal ng isang buwan. Sinundan ito noong Oktubre 15 ng killer earthquake last October 15, 2013 sa *Central Philippine Regions.* Lalo pang lumuha ang sitwasyon sa pagdating noong Nobyembre 8 ng dumadagundong na bagyaong si Yolanda na kumitil ng 6,000 na libong tao at hanggang sa kasalukuyan ay 2,000 pang tao ang patuloy na hinahanap.

*Our nation was literally leveled to the ground. Horrible stories flew thick in the air which were experienced by countless number of Filipinos. However, our harrowing experience of the chain of disaster had never dampened our indomitable spirit. The capacity to bounce back by the Filipinos was admired by the whole world. Although we are a recepient of the biggest humanitarian relief mission of some 40 countries worldwide, we never showed an attitude of mendicancy, instead, we powerfully displayed our inherent resiliency. Thanks to the efforts in social media, the eyes of the world were on us to extend a hand for us, and at the same time, to learn from our robust determination to recover.*

*Because of this, we earned the respect of the whole world even as we thank them for giving us immeasurable help and relief assistance of some 300 billion pesos. Jose Rizal echoes his message among the Filipinos today to be optimistic and determined in bringing this nation back on its feet.*

Ngayong araw, ginugunita ng buong Pilipinas si Jose Rizal, ang pinakadakilang bayani ng Asya at ng Pilipinas, upang magsilbi siya bilang isang hudyat ng bagong umaga at simbolo ng muling pagbangon ng bawat Pilipino, lalo na ngayong mga panahon na ang ating mga kababayan ay lugmok sa masidhing pagdurusa.

Batid nating lahat na mahirap ang panahon. Ang ekonomiya ay siguradong apektado ng mga nagdaang kalamidad. Ang gobyerno ay hirap sa pagtustos sa mga gastusin ng bayan sapagkat sa halip na mapunta ang pondo sa mga gawaing pangkaunlaran, ito ay natutuon para sa mga nasalanta ng kalamidad upang sila ay makabangon at muling maiangat at mapaunlad ang kanilang buhay. Mahaba at mabigat ang tatahakin ng ating mga kababayan upang muling mapabuti ang kalagayan. Subalit hindi tayo nawawalan ng pag-asa.

Ang ipinakikitang pagtutulungan at kabayanihan ng ating mga kababayan ay isang repleksyon ng kabayanihan ni Rizal. Sabi nga sa *CNN*, tinuruan natin ang buong mundo kung paano maging matatag sa gitna ng matinding pagsubok. Tinuruan natin ang buong mundo kung paano ngumiti sa kabila ng matinding kapighatian. Tinuruan natin ang buong mundo kung paano maging bayani. Tinuruan natin ang buong mundo, kung paano humugot ng pag-asa sa isang malalim na pananampalataya sa Diyos.

Kaya mga kababayan, ang inisyatibong ginawa ng inyong lingkod bilang Gobernador na makatulong sa marami nating kababayan sa Visayas ay isa lamang maliit na hakbang upang muli nating buhayin si Rizal sa ating gunita at sa ating mga puso.

Ang ating pagsusumikap na makatulong upang kahit paano ay maibsan ang pagdurusa ng ating mga kababayan ay isang pagpapatunay na hindi pa laos ang diwa at mga katuruan ni Rizal. Ang pagkakaisa at pagtutulungan natin ay magiging susi upang mabilis nating muling mapaunlad ang bayan nating minamahal, ang Pilipinas kong Mahal.

**MABUHAY ANG MGA PILIPINO!**

**MABUHAY SI GAT. JOSE P. RIZAL!**

# Mga kampeon ng nutrisyon, ipinakilala; sa temang wakasan ang malnutrisyon

Sa loob ng isang programa noong Disyembre 11, isinagawa ang paggawad ng parangal at pagkilala sa mga tinanghal na *Provincial Outstanding Barangay Nutrition Scholar (BNS), Outstanding Municipality* at *Outstanding Barangay* na kampeon sa implementasyon ng programang pang-nutrisyon sa kani-kanilang nasasakupan.


Sila ay pawang pinagkalooban ng kaukulang *Certificate of Recognition* at pabuyang halaga.

Una rito, ang *BNS/PNET and RNET Results* ay iprisisenta ni Ms. Loria O. Dipasupil ng *Provincial Health Office* (PHO) na siyang pinagbasehan sa pagpili ng mga nanalo ngayong taon.

Samantala muling binigyang-diin ang *2013 Nutrition Month Theme* na 'Gutom at Malnutrisyon, Sama-Sama nating Wakasan' na tinalakay ni Ms. Helen E. Marqueses ng *Provincial Health Office (PHO).* Aniya ang kampanya kontra malnutrisyon ay lubusang magtatagumpay sa samasamang pagkilos at kooperasyon ng lahat ng sektor ng pamayanan.

Ang *2012 New Nutritional Guidelines for Filipinos (NGF)* na inaprubahan ng *National Nutrition Council (NNC) Governing Board* sa bisa ng Resolusyon Blg. 6, s. 2012 ay inilahad ni Ms. Mercedes M. Juan ng *PHO*.

Ipinag-utos naman ni Gob. Edgardo A. Tallado na ang ***2012 New NGF*** ay isahimpapawid sa pamamagitan ng Radyo ng Bayan upang mapalaganap ang mga kaukulang mensahe at impormasyon sa publiko at maitanim sa isip ng bawat mamamayan ang tamang panuntunan para sa wastong nutrisyon. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***




Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM
**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,
**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula
**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.
**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**
**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua
Aries Balbas
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

*Outstanding Municipal Nutrition Committees*

| | |
|---|---|
| 1st rank | Municipality of Basud |
| 2nd rank | Municipality of Daet |
| 3rd rank | Municipality of Labo |

*Outstanding Barangay Nutrition Committees*

| | |
|---|---|
| 1st place | Brgy. V, Daet |
| 2nd place | Brgy. II, Dact |
| 2nd place | Brgy. Matnog, Basud |
| 3rd place | Brgy. Magang, Daet |
| 4th place | Brgy. Rizal, Sta. Elena |

*Provincial Outstanding Barangay Nutrition Scholars*

| | |
|---|---|
| 1st place | Ms. Imelda A. Eboña |
| 2nd place | Ms. Venia G. Dc Mcsa |
| 3rd place | Ms. Maria P. Lavapie |
| 4th place | Ms. Victoria G. Amparo |
| 5th place | Ms. Sonia M. Curitana |

*Makikita sa mga larawan ang mga eksena sa pagbisita ng mga opisyal ng World Food Program sa Barangay Food Terminal sa Brgy. Calintaan, Talisay kung saan ang mga mamamayan doon sa pamumuno ni Edwin O. Omaña ay masigasig na naghanda at nakiisa. Mayroon ng 17 barangay food terminals sa buong lalawigan na malaki ang gagampanang papel para sa pagsusulong ng WFP sa Camarines Norte.*

# UN World Food Program...

*(Mula sa pahina 3)*

sa pagpapatupad ng proyekto rito na sisimulan sa taong 2014.

Una nang bumisita ngayong taon sa Brazil sina *DAR Secretary* Virgilio delos Reyes, *DSWD Secretary* Dinky Soliman, at *DSWD RD* Arnel Garcia upang mapag-aralan ang pagpapatupad ng *PAHP* sa Brazil at ang mga hakbang na kailangang gawin upang maging epektibo ang implementasyon nito sa Pilipinas. ***NORGEEN ABARCA/jingcalimlim***

# MGA PILING LARAWAN: Partnership Against Poverty and Hunger




# Light A Tree 2013: Isang Bayan, Isang Puso Ngayong Pasko

*Nagpapasalamat ang Pamahalaang Panlalawigan sa lahat ng nakiisa sa 4th Light A Tree Contest*
*Kalayaan Park, Provincial Capitol Grounds, Provincial Capitol, Daet*

*Alpha Construction *B2 K Construction *CANORECO *Philippine Institute of Civil Engineer-CN Chapter *Camarines Norte Water District *Carzan Party Needs *Emerald Hardware *EUS Construction *Kiwanis Club of Daet *MCE Academy *Philippine Red Cross– Camarines Norte Chapter




*Tinatanggap ni Fidel Panotes (ikalawa mula sa kaliwa) ng CARZAN Party Needs ang simbolikong tsekeng P100,000.00 bilang 1st Prize winner sa 4th Light A Tree Contest*




*Ipinagkakaloob nina Mam Josie at Gob. Edgardo A. Tallado ang simbolikong tsekeng P60-L sa kinatawan ng MCE Academy na siyang puma-*




*Si G. Efren Sale (dulong kanan) ng EUS Construction na 3rd prize winner habang tinatanggap ang simbolikong tsekeng P40,000.00 kasama ang anak*

# Distribution of Bonus



*Masayang tinatanggap ng mga kawani ng Provincial Assessor,s Office (itaas) at Provincial Veterinary Office (ibaba) ang kanilang Christmas Bonus. Naglibot si Gob. Tallado sa mga tanggapan ng pamahalaang panlalawigan para sa pamamahagi ng bonus. Hindi na rin nagsagawa ng Christmas Party ang Kapitolyo sa halip ay nagbahagi na lamang ng ayuda sa mga nabiktima ng bagyong Yolanda sa Leyte.*



# Pasasalamat sa lahat ng dumamay sa biktima ng bagyong Yolanda

Ipinaabot ng pamahalaang panlalawigan ang pagkilala at lubos na pasasalamat sa mga kababayan natin na tumugon sa panawagan para tumulong sa ating mga kapatid sa Bisayas. Sumasalamin ito sa pagsasabuhay natin ng ating prinsipyo na, 'Bawat CamNorteño, Bayani at Marangal'.

Nakapaloob ito sa Resolusyon Blg. 437-2013 na ipinalabas ng Sangguniang Panlalawigan at pinagtibay ni Gob. Edgardo A. Tallado bilang pagsang-ayon at suporta nito sa naturang inisyatibo ng Sanggunian.

Matatandaan na nauna nang ipinalabas ng gobernador ang isang *memorandum* noong Nob. 13, 2013 para sa pagbuo ng 'Kilos ng Bayan *Project*' kasama si Bise Gob. Jonah G. Pimentel at ang buong Sanggunian.

Nagsilbing tulay ito sa pagkalap ng *cash donations* at iba pang *disaster relief aids* mula sa ating mga kababayan na agarang nagpadala ng kanilang kontribusyon bilang pagdamay sa mga nabiktima ng bagyong 'Yolanda' sa Leyte noong Nob. 8, 2013.

Matatandaan na sa pangunguna ni Bise Gob. Pimentel, ang *Team Camarines Norte* ay nagdala ng paunang ayuda para sa mga nabiktima ni 'Yolanda' nang humigit kumulang sa 12,000 *food packs* na may tig-3 kilong bigas, *noodles*, sardinas, *corned beef* at inuming-tubig bukod pa sa halos 1 trak ng *used clothing*.

Kasama rin sa grupo ang *Provincial Health Office Medical Team* na pinamumunuan ni Dr. Myrna P. Rojas na siyang nagbigay ng paunang serbisyong-medikal kasama ang ilang doktor at nars.

Katulad noong una, nagtipon muli sa Camarines Norte *Agro-Sports Center* ang mga pampamahalaan at pribadong tanggapan; pampubliko at pribadong paaralan at sosyo-sibikong samahan na tumulong sa pagpakete ng libu-libong *food packs* na dinala sa Leyte noong Dis. 18, sa ikalawang pagkakataon.

Kasabay nito, muling nanawagan ang gobernador sa lahat na patuloy na magbigay ng tulong sa ating mga kababayan sa Leyte lalo na at sa huling datos ay tinatayang mahigit 11 milyon na ang kabuuang bilang ng mga indibidwal na nasalanta ni 'Yolanda' na tinaguriang *super typhoon*. kapwa. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



***Ang mga kababayan natin na tumulong sa pagpakete ng mga relief goods na ipinamigay noong Nobyembre at Disyembre sa mga biktima ni 'Yolanda' sa Leyte.***

# Operasyon Tabang sa ...

*(Mula sa pahina 8)*

*items* sa mga biktima ni 'Yolanda'.

Masuwerte rin ang *Team Camarines Norte* na nakadaupang-palad sa lugar si *Secretary* Carlos Jericho L. Petilla ng *Department of Energy* na pinangunahan ang seremonyal na pagbubukas muli ng linya ng kuryente sa ilang lugar sa Leyte. Si *DOE Sec.* Petilla ay tatlong sunud-sunod na termino ring nagsilbi bilang gobernador ng Leyte simula 2004-2013.

Kinabukasan, hinati sa 3 ang *Team* Camarines Norte kung saan ang bawat grupo na may tig-da-dalawang trak na may lamang humigit-kumulang na tig-70 sako ng *family packs* at 200 pakete ng *assorted clothing* ay magkahiwalay na naghatid ng *relief items* sa mga bayan ng Sta. Fe, Pastrana at Palo sa Leyte sa gabay ng mga lokal na opisyal ng naturang mga bayan.

Batay sa rekomendasyon ng *PDRRMC* Leyte, ang may 2 sako ng bigas at 20 pang sako ng mga *assorted goods* tulad ng *bottled water*, *noodles*, at iba't-ibang *canned goods* na hindi pa naipapakete ay iniwan na lamang ng *Team Camarines Norte* sa *Command Center* ng Pamahalaang Panlalawigan ng Leyte.

Magugunitang noong Nob. 17, 2013, ang pamahalaang panlalawigan ay una nang nagsagawa ng *relief operation at medical mission* sa Basey, *Eastern* Samar na lubhang sinalanta rin ng bagyong Yolanda. ***LUIGI MARTIN P. QUERUBIN/jing calimlim/lorena d. ibasco***

# Aprubado na ang Ordinansa para sa...

*(Mula sa pahina 3)*

(ang may ari ng *ETC*). Dahil sa nakikita na malabo itong mangyari, ang nakita ritong solusyon ng gobernador ay magtayo ng *government ETC* susog sa prinsipyo ng batas na protektahan ang interes ng nakararami. Kung kaya sa pamamagitan ni Bise Gob. Pimentel at Bokal Gache ay hiniling niya sa SP na iakda ang isang Ordinansa ukol dito.

Sa pinagtibay na bagong Ordinansa, sisingil lamang ng isangdaan at limampung piso (P150.00) para sa *emission test* ng lahat ng uri ng behikulo. Ang P70 ay para sa *testing fee* at ipapasok sa *special trust fund* ng pamahalaang panlalawigan. Ang P80.00 ay para naman sa *uploading fee* na mapupunta naman sa *Information Technology server partner* na siyang magpapadala ng *emission data* sa *LTO*.

Napag-alaman mula sa nag-iisang pribadong *ETC* ngayon sa Camarines Norte na apat na raan at limampung piso (P450.00 ) ang babayaran para sa bawat sasakyang susuriin.

Itatatag din ang *Provincial Smoke Emission Testing Team* na siyang mamamahala ng *smoke testing center* sa ilalim ng patnubay ng *LGU-Provincial Environment and Natural Resources Office (LGU-PENRO)*.

Kaakibat ng Ordinansa ay ang Resolusyon ng SP na nagbigay-pahintulot sa *Supplemental Budget* para sa pagtatayo ng *ETC* malapit sa kapitolyo. Ang sobra sa pondo ay ibibili ng kompyuter, atbp..

Naging mainit ang usaping ito sa isyu ng ligalidad. Sa mga bumotong bokal panig sa Ordinansa, ang kanilang paninindigan ay masolusyunan ang malaking suliranin ng sektor ng transportasyon at kabuhayan. Hindi rin naman tutol ang minoriyang bokal na bumoto kontra Ordinansa. Nais din nila ang pagtatayo ng *ETC* ngunit ipauubaya raw sa korte ang bagay na ito dahil sa *TRO* o ligal na usapin.

Sa *public hearing* na idinaos para dito ay naging kwestiyon ang ligalidad ng ordinansa na tinugon naman ni *Atty.* Adan Botor, *Provincial Legal Officer*. Ayon sa kanya, bagama't sa *Implementing Rules and Regulation (IRR)* ng *DENR*, *DOTC* at *DTI* ay walang itinatakda na maaaring magtayo ang gobyerno ng sariling *ETC*, wala ring probisyon sa *Clean Air Act* na nagsasabi na hindi naman pwedeng magtayo ang gobyerno ng *emission testing center*.

Samantala, susog naman sa *Local Government Code*, ang *Local Government Unit (LGU)* tulad ng Pamahalaang Panlalawigan ay may dalawang katauhan–*proprietary* at *governmental*. Nangangahulugan ito na maaari ring ang gobyerno ay pumasok sa negosyo kahalintulad ng *ETC* na magsisingil ito ng bayad at ang intensyon ay ang kabutihan ng mga mamamayan tulad ng sektor ng transportasyon.

Itinatakda rin ng *Clean Air Act* na pangunahing tungkulin ng gobyerno na siguruhing malinis ang hanging nilalanghap at kaakibat nito ay maaari itong pumasok sa isang uri ng negosyo tungo sa katuparan nito.

Sa panig ng *DTI*, kung magtatayo ang pamahalaang panlalawigan ng *ETC*, hindi kakailanganin ang *DTI accreditation* subalit kailangan ang *joint DTI and DOTC recognition* mula sa nakatataas na pamunuan bilang polisiya.

Ipinagbigay-alam naman ni *SP Member* Gache na inihahanda na ang *Memorandum of Agreement (MOA)* at nakatakdang magtutungo si Gob. Tallado sa mga nasabing tanggapan upang lakarin ang bagay na ito. ***JING A.CALIMLIM/IVY CONSULEO GARCIA***

# End VAW Now!

Ang selebrasyon dito ng *International Day Against Trafficking* simula Nob. 25-Disyembre 12, 2013 na may temang: *"End VAW Now! It's Our Duty!"* ay pormal na nagtapos noong Disyembre 12 sa pamamagitan ng mga aktibidad na inihanda ng administrasyon ni Gob. Edgardo A. Tallado sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*.

Tinampukan ito ng Talakayan at *advocacy campaign* sa layuning mabilis na maipaabot sa publiko ang mahahalagang impormasyon at paalala kontra trapiking. Ito ay sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa sektor ng *tri-media* (radyo/ telebisyon/pahayagan) na mabisang katuwang sa pagpataas sa antas ng kamalayan ng komunidad sa iba't-ibang mukha ng trapiking para makaiwas na maging biktima nito.

Una sa mga nabanggit, isang *symposium* ang isinagawa noong Dis. 12, 2013 simula ika-9 hanggang ika-12 n.u. sa *Little Theater, Provincial Capitol*, Daet. Ito ay sumentro sa temang, *Salient Features of Human Trafficking* na tinalakay ni *Atty.* Athena Boado ng *Department of Justice-Provincial Prosecutor's Office*.

Dumalo rin sa okasyon ang pamunuan ng *Committee on Women and Children* ng *LGU* Talisay at ilang empleyado ng pamahalaang panlalawigan at humigit-kumulang sa 200 mag-aaral mula sa *Camarines Norte State College*, *La Consolacion College of Daet*, *Vineyard*, at iba pang hayskul at kolehiyo sa lalawigan.

Maliban dito, namigay rin ng mga *posters* at *information and education campaign (IEC) materials* mula sa *Philippine Against Child Trafficking (PACT)* para mas mapalaganap ang impormasyon at mapaigting ang kampanya kontra *child trafficking*.

Sa pamamagitan ng *Presidential Proclamation 1172* noong 2006, pinalawig ang ating pambansang selebrasyon nang hanggang 18 araw kasama na ang ika-12 ng Disyembre na mas kilala bilang *Anti-Trafficking in Persons Day*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/francia p. tolibas***

# PTV 4 Biyahero...

*(Mula sa pahina 8)*

hero noong Oktubre 6-7, 2013 sa imbistasyon ni Gob. Talllado upang sa pamamagitan ng telebisyon ay maipakilala ang turismo ng Camarines Norte.

Minsan nang nagtungo si Gob. Tallado sa *Twin Falls* at napag-usapan na rin nila ni Mayor Dina Borja ng Sta. Elena na pagtulungang pagandahin ang nasabing talon.

Ayon naman sa *TV host* ng Biyahero na si *Ms. M. J.*, lubhang nahirapan sila sa Mt. Cadig at parang mala-*survivor challenge* ang kanilang pinagdaanan. Bagamat nahirapan, ganitong klaseng lugar ang nais nilang itampok upang madiskubre ng mga turista. ***Jing A. Calimlim***

## Mga kabataang mag-aaral...

(Mula sa pahina 8)

lan bilang mga munting *elected officials* o kaya ay *appointed officials*.

Si Pauline Antoinette B. Cootauco ng *La Consolacion College of Daet* ang nahalal na *girl governor* sa idinaos na eleksyon noong Disyembre 7, 2013 sa *Little Theater, Camarines Norte Agro-Sports Center, Provincial Capitol*, Daet.

Naluklok naman sa puwesto bilang *1st District Girl Representative* si Mary Joy Ojo ng *Camarines Norte College* habang *2nd District Girl Representative* si Rejie R. Bobis ng *San Vicente Parochial School*, at *Girl Vice-Governor* naman si Chantal Jade C. Puse ng *Chung Hua High School*.

Pumili rin ng mga *boy and girl board members* na nagkaroon din ng pagkakataon na dumalo sa sesyon ng Sangguniang Panlalawigan. Nakasama nila rito ang mga regular na halal na *Board Members* na umalalay sa kanila sa pag-akda ng kanilang mga panukalang resolusyon.

Ang ibang kalahok ay hinirang *(appointed)* sa matataas na posisyon sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, at pamahalaang nasyonal man gayundin sa iba't-ibang pamahalaang bayan partikular na sa *LGU* Daet na hiwalay na nagsasagawa ng kahalintulad na aktibidad taun-taon.

Ang mga *youth officials* ay 1-linggong nanungkulan bilang mga munting *elected* at *appointed officials* sa iba't-ibang sangay ng pamahalaan sa patnubay at gabay ng kanilang *counterpart officials*. Nagkaroon sila ng kaalaman at karanasan ukol sa mga mandato ng mga pamahalaang lokal at nasyonal. Dito nila higit na naunawaan kung paano ipinatutupad ang iba't-ibang programa ng pamahalaan at ang mga prosesong kaakibat nito.

Ang mga kinatawan ng mga pampamahalaan at pribadong hayskul sa taunang *Boys and Girls Week* ay mga piling mag-aaral na nasa ika-apat na taon sa hayskul at kabilang sa 5 nangungunang mag-aaral sa kanilang klase o seksyon at/o kaya ay lider ng lehitimo o akreditadong organisasyon ng kanilang paaralan.

Ang *Boys and Girls Week* ay taun-taong itinataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pakikipagtulungan sa *Kiwanis Club of Daet; LGU* Daet at *Department of Education (DepEd)*. Alinsunod ang gawaing ito sa *Presidential Proclamation No. 99* na nagdeklara sa ikalawang linggo ng buwan ng Disyembre ng bawat taon bilang Linggo ng Kabataan. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

## 5th-6th class na bayan prayoridad sa AKBAY, may puhunang tulong sa magsasaka,mangingisda

Muling namahagi ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ng *livelihood checks* na tig-P10,000.00 sa ilalim ng AKBAY (**A**grikultura: **K**aagapay ng **Ba**yang Pino**y**) *Program* na sa pagkakataong ito ay para sa 12 bagong benepisyaryo nito.

Kaugnay nito, isang programa ang isinagawa noong Disyembre 27 sa *Municipal Training Center/Municipal Agriculture Office* sa bayan ng San Vicente kung saan si Ms. Irene J. Olivar ng *Office of the Provincial Agriculturist* ang kumatawan sa pamahalaang panlalawigan bilang *provincial* AKBAY *program coordinator*.

Katuwang si *MAO* Renelinda Olisea ng San Vicente, ipinagkaloob nila ang tseke sa mga sumusunod na benepisyaryo mula sa 6 na barangay ng San Vicente: Gina Quibral at Nicolasa Palma – Brgy. San Jose; Nestor Atole at Elvira Gabiaso – Iraya Sur; Armando Gonzales - Cabanbanan; Marlyn Labrador at Josefina Maigue – Calabagas; Leo Lopez at Gary Rafer – Asdum, at Rizalyn Laral – Calabagas.

Ang pautang na P10,000.00 puhunan ay gagamitin nila para sa *eggplant production, swine fattening, duck raising*, o iba pang proyektong pangkabuhayan. Nakahanda na ring ipagkaloob ang P10,000.00 *livelihood checks* para kay Soledad Rada na mula pa rin sa bayan ng San Vicente.

Samantala, noong Disyembre 23, ay tinanggap ni Arnulfo Laral ng Brgy. San Jose, Talisay ang P10,000.00 *livelihood check* mula kina *Acting Provincial Agriculturist* Francia Pajares, *Agricultural Technician* Gilda Ang at Ms. Olivar. Ang naturang halaga ay gagamitin ni Laral sa pagbili ng *2nd hand motorized banca*.

Ang AKBAY *Program* ay para sa mga *5th-6th class municipalities* kaya ang mga magsasaka at mangingisda lamang mula sa mga bayan ng Talisay, San Lorenzo Ruiz at San Vicente ang kwalipikadong benepisyaryo nito.

Sa ilalim ng programa, ang P10-L pautang ay babayaran ng mga benepisyaryo sa loob ng 3 taon ng walang interes para sa kani-kanilang *micro-scale livelihood projects* na pang-agrikultura at pampangisdaan.

Ang AKBAY *Program* na pinupunduhan sa ilalim ng *Japan Grant Assistance for the Food Security Project for Underprivileged Farmers (2KR)* ay ipinatutupad ng *National Agriculture and Fishery Council (NAFC)* sa pamamagitan ng *Regional Field Units* ng *Department of Agriculture (DA)* at sa pakikipagtulungan ng kaukulang pamahalaang lokal.

Nakarating dito ang programa dahil sa pagtitiyaga ni Gob. Edgardo A. Tallado na makakuha ng ayuda sa mga pambansang ahensya gaya ng *DA* para maiangat ang ekonomiya ng lalawigan sa pamamagitan ng ibat'-ibang mapagkakakitaan. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***



**Kasamang dumalo nina Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah Pimentel sina *Girl Governor* Pauline Antoinette B. Cootauco *at Girl Governor* Chantal Jade C. Puse (dulong kaliwa) kahilera ng mga opisyal ng *World Food Program* at pambansang ahensiya, sa isang *orientation program* laban sa kahirapan.**




**Mahigit tatlumpung taon ng pinangungunahan ng *Kiwanis Club of Daet* ang pagsasagawa ng taunang *Boys and Girls Week* sa Kapitolyo.**

## 2 kabataang magsasaka ng CamNorte, sasabak sa 45 araw na pagsasanay



**Ariel T. Taniegra**



**Jonathan S. Corea**

Sina Ariel T. Taniegra ng Brgy. Calabagas, San Vicente at Jonathan S. Corea ng Hinampacan, Basud ay kabilang sa 22 kabataang magsasaka sa bansa na pasok sa *45-day Homestay Module* ng *Young Filipino Farmers Training Program (YFFTP) in Japan*.

Susog ito sa listahan na ipinalabas kamakailan ng *YFFTP National Selection Committee* kung saan nakalagay rin ang pangalan ng kani-kanilang *host farmers* na nakabase sa *Cordillera Autonomous Region* at rehiyon 1, 3, 5, 6, 7, 11 at 12.

Sa ilalim ng programa, ang 22 benepisyaryo ng programa ay sasabak sa 45-araw na *hands-on training* sa ilalim ng kaukulang *host farmer* nila na pawang *YFFTPJ Alumni*. Maninirahan sila sa kanilang *host farmer* na siyang magtuturo at magbabahagi sa kanila ng mga pangunahing *agricultural practices* na una na nilang natutunan sa *Japan*.

Isasailalim din sila sa *orientation on Japanese language* kung saan mas bibigyang-diin ang kultura at wikang *Nihonggo*. Magkakaroon din sila ng *farm mechanization training* pati na *field visits* sa matatagumpay na mga sakahan *(farms)* sa bansa.

Sa pagtatapos ng *45-day* homestay *training*, magsasagawa ng ebalwasyon ang kaukulang *Regional Farm Youth Development Program Coordinator* at *YFFTPJ host farmer* na siyang gagawing basehan ng *NSC* kung sino sa 22 nominado ang makapapasok sa 75-araw na *Pre-Departure Orientation Course (PDOC)* na isasagawa sa *Department of Agriculture-National Agriculture and Fishery Council (DA-NAFC)*-Manila. Sa naturang panahon, magkakaroon sila ng *field visits* sa *UPLB, ITPOH*, Baguio, Bulacan, at iba pang lugar-pan-sakahan sa bansa.

Ang mga papalaring makapasa sa *PDOC* ang ipadadala sa Japan para sa 1-3 taong pag-aaral at pagsasanay ukol sa mga makabagong teknolohiya sa pagsasaka na pupunduhan ng *DA-NAFC* at *Japan Agricultural Exchange Council (JAEC)*.

Sa pagbalik nila rito sa Pilipinas, ang mga *YFFTPJ scholars* ay pahihiramin ng puhunang P62,500.00 para sa kanilang proyektong pansakahan ngunit obligasyon nila na ituro sa mga kababayan nilang magsasaka ang mga kaalaman at teknolohiya na natutunan nila sa bansang Hapon.

Samantala, si Taniegra ay sasailalim sa *45-day homestay training* sa Nalasin, Solsona, Ilocos Norte sa patnubay ni *YFFTPJ Alumni* Alexander A. Calucag *(batch 2002)*.

Si Corea naman ay mananatili rito sa Camarines Norte para sa kanyang *homestay training* sa Calabagas, San Vicente sa gabay ni *YFFTPJ Alumni* Flor L. Olivar *(Batch 1998)*.

Sina Taniegra at Corea ay parehong miyembro ng *4-H Club* na pinangangasiwaan ng *Office of the Provincial Agriculturist* sa pamamagitan ng *Farm Youth Development Program* na pinamumunuan ni Gng. Irene J. Olivar bilang *FYDP Provincial Coordinator*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***




Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog


Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

## Parol ng PWDs nagbigay-ningning

Ang gawang parol ng mga mag-aaral na *persons with disabilities* (PWDs) ng *Labo Elem. SPED School* ang nakapag-uwi ng unang puwesto at premyong P3,000.00 sa katatapos na 1st *PWDs Parol Making Contest* na isinagawa ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office* (PSWDO). Si Ms. Jocelyn Elizaga, ang guro na umalalay at gumabay sa mga *PWDs* sa pagbuo ng parol na ipinanlaban nila. Nakuha naman ng *F. Baldovino Elem. SPED School*

(Sundan sa pahina 3)



## PTV 4 Biyahero nagbyahe sa CamNorte




Si Ms. M.J. ang host ng programang Biyahero sa Channel 4, habang kinukunan ng cameraman, kasama ang mga kabataang miyembro ng Starcades sa kanilang pagdalaw sa Provincial Museum

Napanood kamakailan sa telebisyon sa Channel 4 sa programang Biyahero ang ilang tampok na lugar sa Camarines Norte sa dalawang magkahiwalay na *episode* noong Nobyembre at Disyembre.

Ito ay ang *Twin Falls* sa bayan ng Sta. Elena, ang Mt. Cadig sa Labo, ang 1st Rizal Monument at ang malapit nang matapos na Cory Aquino *Boulevard* sa Bagasbas. Nakatakda din sanang pumunta sa Calaguas *Island* sa Vinzons at sa Mananap *Falls* sa Sta. Elena ngunit dahil sa sama ng panahon ay hindi na natuloy.

Naging bahagi rin ng palabas ang mga panayam kay Gob. Edgardo A. Talllado. Mayor Dina Borja ng Sta. Elena, Mayor Joseph Ascutia ng Labo, Mayor Tito Sarion ng Daet at Mayor Francis Ong ng San Vicente.

Nakarating dito at nag-*shooting* ang Biya-

(Sundan sa pahina 6)

## 'Operasyon Tabang' sa mga biktima ni Yolanda nagpapatuloy, 3 bayan sa Leyte, dinayo ng Team CamNorte at binigyang-tulong




*Sa ikalawang serye ng relief operation ng Camarines Norte, dinayo ng Team Camarines Norte ang mga bayan ng ng Sta. Fe, Pastrana at Palo sa Leyte. Nakadaupang-palad ni Acting PSWDO Cynthia R. Dela Cruz ang 3 magkakapatid na Petilla: Palo, Leyte Mayor Remedios Petilla, Leyte Gov. Leopoldo Dominico L. Petilla, at Secretary Carlos Jericho L. Petilla ng De-*

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ay muling tumulak papuntang Visayas noong ika-17 ng Disyembre 2013 at naghatid ng tulong para sa mga nasalanta ng bagyong 'Yolanda' sa naturang lugar.

Pinangunahan ito ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* na inatasan ni Gob. Edgardo A. Tallado at siyang nangasiwa sa muling pagdadala ng ayuda sa mga nabiktima ni 'Yolanda'.

Umabot sa 4,150 *family packs* ang naipamigay ng grupo sa pangunguna ng *PSWDO* na pinamumunuan ni *Acting PSWDO* Cynthia R. dela Cruz. Kasama rito ang saku-sakong *assorted clothing*, *food items* at *hygiene kits* na nakalap ng Sangguniang Panlalawigan sa inisyatibo ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel bilang tugon nito sa panawagan ni Gob. Tallado na makiisa sa pagkilos para makakalap ng mas maraming donasyon para mas maraming maihatid na ayuda sa mga nasalanta ni 'Yolanda' sa Leyte.

Ang *Team Camarines Norte* ay binubuo ng 8 trak at isang *pick-up* na naghatid ng mga *relief goods* sa Lalawigan ng Leyte partikular sa bayan ng Palo.

Pagkatapos ng halos 24 na oras na biyahe mula sa bayan ng Daet, narating ng *Team Camarines Norte* ang Palo, Leyte pasado alas-9 ng gabi kung saan sinalubong sila ni *PDDRM Officer* Paul D. Mooney at mga kawani ng *PSWDO* Leyte.

Sumalubong din sa kanila si Leyte *Gov.* Leopoldo Dominico L. Petilla na ipinaabot ang lubos na pasasalamat sa pagdamay at pagtulong ng mga mamamayan ng Camarines Norte. Nakiusap din si Gob. Petilla kay *Acting PSWDO* dela Cruz na kung maaari ay ang grupo na nito ang direktang maghatid ng mga naturang *relief goods* sapagkat kulang sila sa mga taong magdadala ng *relief*

(Sundan sa pahina 6)

## Mga kabataang mag-aaral isang linggong nag-opisina; pamamalakad ng gobyerno, kanilang inobserbahan

Umabot sa 103 mag-aaral mula sa mga pampubliko at pribadong paaralang sekondarya ang nakilahok sa selebrasyon dito ng *31st Boys and Girls Week* simula Disyembre 7-13, 2013 na may temang, "Kahirapan, Wakasan; Karapatan ng Bata, Ipaglaban".

Ang pinakasentrong gawain nito ay ang paghalal ng mga *boy and girl officials* na manunungku-

(Sundan sa pahina 7)



***Bilang Girl Governor, nakasama ni Pauline Antoinette B. Cootauco ng La Consolacion College of Daet si Gov. Edgardo A. Tallado sa tanggapan nito sa loob ng 5 araw.***